



Paghahanda Para Sa Mga Emerhensiya

Maging Handa...Magkaroon ng Plano.

Siguraduhin na bawat isa sa iyong pamilya ay alam ang dapat gawin bago mangyari, habang nangyayari at pagkatapos mangyari ng emerhensiya. Tumawag ng pulong ng iyong pamilya upang pag-usapan kung paano ang pinakamabisang paghanda para sa emerhensiya. Magkaroon ng plano. Kung ikaw ay namumuhay na mag-isa, gumawa ng plano para sa sarili na may mga ugnay sa mga kapit-bahay at mga kaibigan.

Mamalaging May Hawak na Mga Numerong Pang-Emerhensiya

Magkaroon ng listahan ng mga importanteng numero at mga direksyon (address) malapit sa telepono. Sa pangyayari ng emerhensiya, gamitin ang telepono para sa mga emerhensiyang tawag lamang. Pumili ng isang tao na nasa mag-kaibang lugar upang maging kaugnay kung kayo ay mahiwalay sa kasakuyang may emerhensiya. Siguruhing bawat isa ay mayroong pangalan at numero ng telepono nito sa lahat ng oras.

Magsagawa ng Plano ng Pagtakas (Home Escape Plan)

Magsagawa ng isang plano ng pagtakas sa pamamagitan ng pag krukis ng plano ng iyong tirahan. Gamit ang itim o asul na pluma, ipakita ang kinaroroonan ng mga pinto, mga bintana, mga hagdanan at malalaking muwebles. Gumamit ng hiwalay na pahina para sa bawat palapag. Ituro ang kinaroroonan ng mga gamit pang-emerhensiya, mga pampatay sunog, mga alarma sa usok, mga natutuping hagdanan, mga gamit sa



pangunang panlunas at sarahan ng mga yutilitiy (utility shutoff points). Sunod, gumamit ng plumang de-kulay upang iguhit ang laktaw-laktaw na linyang ipinapakita ang kahit dalawa lang na daanan ng pagtakas mula sa bawat silid. Panghuli, markahan ang isang lugar sa labas ng bahay kung saan ang mga miyembro ng pamamahay ay dapat magtagpo sa panahon ng emerhensiya.

Kung ikaw ay nakatira sa isang apartment, ipakita sa bawat isa sa iyong pamilya saan matatagpuan ang labasang pang-emerhensiya. Ipakita sa kanila saan ang alarma para sa sunog, at ipaliwanang kung kailan at paano gamitin ito. Sa sunog o ibang emerhensiya, huwag kailanman gumamit ng mga elebeytor, maaaring hindi umandar ang mga ito pag nawalan ng kuryente. Sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan sa mga gusaling matataas, makipag-ugnay sa iyong lokal na Fire and Emergency Services. Magsagawa ng pagsasanay ng pang-emerhensiyang paglisan kasama ang iyong kasambahay kahit dalawang beses sa loob ng isang taon lang. Iilagay ang iyong plano ng pagtakas sa lugar na lantad sa paningin na nakikita ng mga tagapag-alaga ng bata o ng mga bata. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsagawa ng Plano ng Pagtakas, sumangguni sa iyong lokal na Serbisyong Ukol sa Sunog at Serbisyong Pang-Emerhensiya – Sangay ng Pagpigil Sunog (Fire and Emergency Services – Fire Prevention Division).

Maghanda ng isang Pang-emerhensiyang Kasangkapan Para sa Pamilya

Ang pang-emerhensiyang kasangkapan ay makakapagkaloob sa iyong pamilya ng mga lubhang-mahalagang bagay kung kayo ay pinaglisan o makulong sa iyong pamamahay sa isang emerhensiyang pangyayari. Ang pang-emerhensiyang kasangkapan ay dapat mayroong sapat na dami para sa tatlong araw. Siguruhing alam ng bawat isa saan matatagpuan ang pang-emerhensiyang kagamitan para sa pamilya. Ang pang-emerhensiyang kagamitan ay dapat may kasamang

- Gamot at mga kagamitan para sa pangunang panlunas
- Tubig
- Mga pagkaing di-mabulok
- Mga plaslayt at bateriya
- Mga kumot at mainit na damit

Para mais informações ou para agendar uma apresentação para a sua organização comunitária, ligue para 905-874-2911